

SANDIGAN



Opisyal na Lathalain ng ATI-RTC MIMAROPA

Bolyum 3 Bilang 2 | Hulyo - Disyembre 2022

SENSING *Journey*

4-H, 4 US, 4 ME, 4 ALL

ATING SILIPIN

- Binhi ng pag-asa Program
Pag-asa ng Bayan
- YFFTPJ Pioneer: Tulay ng
Kabataang Magsasaka
- Dagdag na Suporta sa Magniniyog,
CFIDP ang Sagot!

PATNUGUTAN

TAGAPAYO



Pat Andrew B. Barrientos, M.M., J.D.
Center Director



Norberto C. Maur
OIC-Assistant Center Director

PUNONG PATNUGOT

Josephine G. Darm, MPM-RD

PANGALAWANG PATNUGOT

Erlan D. Pasana, MPM-RD

TAGAPAMAHALANG PATNUGOT

Jezell dT. dela Cruz, MPA

MGA MANUNULAT

Erlan D. Pasana, MPM-RD

Jezell dT. dela Cruz, MPA

Roseanne D. Nilo

Engr. Cheri Dawn F. Falogme

Engr. Karen A. Tulay-Vicente

Cholie Ann C. Mirhan

Mark Jayson S. Alcobera

Cyrus Jay V. Escolastico

TAGADIBUHO

Michael Daven T. Jugno

MGA LARAWAN

Tagapagpadaloy ng Programa
DMDC Farm



Inilathala ng:

Department of Agriculture

AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE

Regional Training Center - MiMaRoPa
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

Karapatang-ari 2022.

Reserbado ang lahat ng karapatan.

TUNGKOL SA PABALAT



Isang araw na immersion. Habang buhay na alaala. Maikli man ang naging karansan sa Sensing Journey sa komunidad ng mga Mangyan subalit malaki ang naging bahagi nito sa karansan at pananaw sa buhay.

"Buong akala ko na ang Sensing Journey ay para lamang sa mga 4H pero napagtanto ko na ito ay 4 me, 4 us at 4 all."

NILALAMAN

BALITA

- 03 Binhi ng Pag-asa Program, Pag-asa ng Bayan
- 05 LSA FITS Kiosk: Katuwang sa Pagpapalawig ng Kaalaman at Kasanayan sa Pagsasaka
- 06 40 Natatanging Estudyante Pinarangalan at Ginantimpalaan sa Pagtatapos ng SOA-OA
- 07 Lamang ang may Alam! Magsasaka Sumasabay sa Makabagong Teknolohiya
- 08 ATI MIMAROPA Ibinida ang Digital Innovation sa Isinagawang TGP Summit
- 18 Dagdag na Suporta sa Magniniyog, CFIDP ang Sagot!
- 19 Pagsasanay sa Pamamahala ng Fall Army Worm, Isinagawa
- 19 Feed Formulation, Napapanahong Pagsasanay

TUNGKOL SA PABALAT

- 10 Sensing Journey: 4H, 4 Us, 4 Me, 4 All

TAMPOK NA KWENTO

- 14 YFFTPJ Pioneer: Tulay ng Kabataang Magsasaka

BINHI NG PAG-ASA PROGRAM, PAG-ASA NG BAYAN

ni: Jezell dT. dela Cruz



Ang Agricultural Training Institute – Regional Training Center MIMAROPA sa pakikipagtulungan ng Office of Senator Grace Poe ay naglunsad ng **Binhi ng Pag-asa Program (BPP)** noong Hulyo 19, 2022 sa ATI CAFÉ Hall, Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro.

Nilalayan ng BPP na palakasin ang mga kabataan at maging mga matagumpay na agripreneur at lider ng agrikultura.



“Bilang tagapagsanay sa agrikultura, tayo ang magbubuklod, gagabay at huhubog sa mga binhi na ito para sa kinabukasan ng ating mga magsasaka,” ayon kay Norberto C. Maur, OIC Assistant Director.



Sa kanyang mensahe, binigyang-diin din ng Provincial Agriculturist (PA) ng Oriental Mindoro na si Christine M. Pine, ang papel

ng “binhi” dahil sila ang mga magsasaka na nag-iisip at kumikilos nang higit sa iba. “Kayo ay mga agripreneur na angat sa karaniwang magsasaka na naghahanap ng makabagong teknolohiya at mga inobasyon upang mapaunlad pa ang agrikultura,” pahayag ni PA Pine.

Nangako rin siya ng buong suporta ng Provincial Agriculture Office sa pagpapalakas sa mga kabataan sa agrikultura dahil naniniwala siya sa kakayahan nila bilang tagapagtaguyod ng kaunlaran.

Samantala, sinabi ni Center Director Pat Andrew B. Barrientos na upang makamit ang food sovereignty at food accessibility na siyang itinutulak ng kasalukuyang administrasyon, lahat ng sektor

kabilang ang mga kabataan ay dapat na makilahok.

Gayundin, sa iba’t ibang mga programa kabilang ang BPP, lahat ng kabataan ay bibigyan ng agri-economic na pagkakataon upang mapahusay ang kanilang kaalaman at kasanayan sa agri-enterprises.

“Pagkatapos ng training na ito, maghahanda kayo ng project proposal o re-entry plan para sa pagsisimula ng naisip nyong agri-enterprise. Bilang karagdagan, ang bawat isa sa inyo ay bibigyan ng start-up support bilang panimula ng inyong agri-enterprise,” sabi ni Center Director Barrientos. “Maliit man ito pero lalago ito kalaunan sa pamamagitan ng mga pagsasanay na isasagawa ng ATI,” dagdag niya.

“
Bilang karagdagan, ang bawat isa sa inyo ay bibigyan ng start-up support bilang panimula ng inyong agri-enterprise. **Maliit man ito pero lalago ito kalaunan sa pamamagitan ng mga pagsasanay na isasagawa ng ATI.**”

Pat Andrew Barrientos, M.M.,J.D.
Center Director





Kaugnay nito, 18 na pagsasanay ang isinagawa ng ATI MIMAROPA sa Lalawigan ng Oriental Mindoro— isa (1) para sa provincial level at 17 para sa municipal level. Sa loob ng tatlong araw na pagsasanay, natutunan ng mga kalahok ang mga basic agricultural production technologies at practices sa iba't ibang commodities tulad ng organic vegetable production, free-range chicken at organic swine production gayundin ang mga teknolohiya sa pagpapalaki ng tilapia upang mabigyan sila ng ideya sa backyard or inland fish production.

Bukod sa mga teknolohiyang pang-agrikultura, ang leadership at valuesformation ay ibinahagi ng mga nagtapos na

kabataan mula sa Training of Trainers ng Binhi Program. Ang mga kaalaman at kasanayang ito ay itinuturing na kritikal sa pagtatatag ng agri-enterprise na siyang output ng programa.

Tinuruan din sila kung paano i-market ang kanilang mga produkto at serbisyong pang-agrikultura gamit ang social media.

Dahil ang programa ay batay sa panukala, sila ay ginabayan din kung paano gumawa o bumalangkas ng panukalang proyekto – mula sa paggawa ng mga pamagat hanggang sa pagsulat ng nilalaman nito.

Pinaalalahanan din sila na suriing mabuti ang kanilang mga panukala bago ito isumite sa ATI.



Sa kabuuan, mula sa target na 455 na benepisyaryo, nakapagsanay ang ATI MIMAROPA ng 461 kabataan at benepisyaryo ng BPP na mabibigyan ng agricultural starter kits batay sa kanilang isinunitang panukalang proyekto.

“
*Sinasabotahe natin ang ating kinabukasan
 kung mabibigo nating hikayatin at
 bigyang inspirasyon ang ating kabataan,
 dahil ang kabataan ang kinabukasan.*
 ”

James Guiller M. Salas
 4-H Club Bulalacao, Oriental Mindoro



Ang BPP ay ipinatupad sa 15 lalawigan sa buong bansa mula noong 2017 katuwang ang opisina ni Sen. Grace Poe. Ngayong taon, ang Lalawigan ng Oriental Mindoro ay isa sa mga napiling lalawigan na magpatupad ng BPP.



LSA FITS KIOSK, KATUWANG SA PAGPAPALAWIG NG KAALAMAN AT KASANAYAN SA PAGSASAKA

ni: Mark Jayson S. Alcobera

Ngayong taon, inilunsad ng Agricultural Training Institute (ATI) MIMAROPA ang walong (8) Farmers' Information and Technology Services (FITS) Kiosk sa mga probinsya ng Romblon, Oriental Mindoro at Palawan.

Ang mga FITS Kiosks ay itinatag sa mga sertipikadong Learning Site for Agriculture (LSA) at Extension Service Provider (ESP) ng ATI MIMAROPA sa mga sumusunod na LSAs at ESP:

Pangalan ng Farm	Lokasyon	Petsa
Lanuton Agricultural Farm	Brgy. Tan-agan, San Andres, Romblon	Oktubre 14, 2022
Mary Help of Christians School (Mindoro), Inc.	Calapan City, Oriental Mindoro	Oktubre 24, 2022
Janiva Organic Farm	Brgy. Malinao, Narra, Palawan	Oktubre 25, 2022
DosFourDos Farm	Brgy. Magsaysay, Aborlan, Palawan	Oktubre 26, 2022
Dungo's Farmville	Brgy. Princess Urduja, Narra, Palawan	Oktubre 26, 2022
Victoria Nature Park	Brgy. Bamanin, Oriental Mindoro	Nobyembre 3, 2022
Faith Paradise Agri-Tourism Farm	Brgy. Pasi 1, Socorro, Oriental Mindoro	Nobyembre 3, 2022
Green Gate Nature Farm	Brgy. Dumaran, Roxas, Palawan	Nobyembre 4, 2022



Sa nasabing paglulunsad, tinalakay at inilahad ni Erlan D. Pasana, Information Officer II/TGP Point Person ng ATI-MIMAROPA ang mga responsibilidad ng mga LSA/ESP bilang mga sertipikadong FITS Kiosk sa rehiyon.

Isa sa mga mahalagang pangyayari sa isinagawang aktibidad ay ang pagbibigay ng mga ICT equipment tulad ng laptops, printers, desktop computers, at iba pang kagamitan bilang bahagi ng catalytic fund para sa pagtatatag ng FITS Kiosk. Bukod dito, ang ibang LSA/ESP ay pinili ang pinansyal na suporta na nagkakahalaga ng Php 50,000.00 upang matustusan ang display ng IEC materials; promosyon ng e-Extension services at iba pang online agricultural tools sa kanilang FITS Kiosk.

Gayundin, nakatanggap din sila ng iba't-ibang uri ng babasahin at agriculture magazine mula sa ATI MIMAROPA upang ipamahagi sa kanilang mga kliyente.

Ang sunod-sunod na paglulunsad ng FITS Kiosks ay dinaluhan ng mga Provincial Agriculturists, Municipal Agriculture Officers, FITS Center staff, Brgy. Councilors Committee on Agriculture, ESP/LSA cooperators, at farmer leaders ng mga nabanggit na munisipyo.

“
Napakahalaga ng information dissemination. Sa pamamagitan ng ating mga programa at serbisyo, kailangan ma-inspire natin ang ating mga magsasaka. Ang FITS Kiosk ay isang programa ng ATI na libo-libo ang makikinabang.

”
Perfecto H. Diaz
LSA Cooperator - DosFourDos Farm at benepisyaryo ng FITS Kiosk



Tatayo ang mga FITS Kiosk bilang satellite office ng FITS Centers ng ATI MIMAROPA kung saan maaaring makakuha ng IEC materials at karagdagang impormasyon ang mga magsasaka at kabataang

nagnanais madagdagan ang kaalaman tungkol sa agrikultura.

Sa ngayon, ay may kabuuang 18 FITS Kiosks ang ATI MIMAROPA simula noong 2020.



FITS Rizal, Occidental Mindoro at Dungo's Farmville habang tinatanggap ang mga ICT equipment

40 NATATANGING ESTUDYANTE PINARANGALAN AT GINANTIMPALAN SA PAGTATAPOS NG SOA-OA

ni: Erlan D. Pasana



Apatnapung (40) natatanging estudyante ang pinarangalan sa isinagawang pagtatapos ng School-on-the-Air on Organic Agriculture (SOA-OA) na may temang “Kayang-kaya ang Organikong Pagsasaka” noong ika-10 ng Oktubre 2022 sa Covered Court, Rizal, Occidental Mindoro.

Pinangunahan ang nasabing aktibidad ng Agricultural Training Institute (ATI) MIMAROPA katuwang ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Provincial Agriculture Office-Occidental Mindoro at ang mga munisipyo ng Magsaysay, San Jose, Rizal at Calintaan.

Ang SOA-OA ay isa sa programa ng ATI katuwang ang ibang partner agencies na may layunin na maabot ang mga magsasaka gamit ang media platforms tulad ng radyo, Youtube at Facebook upang maiparating sa kanila ang kaalaman sa mga bagong pamamaraan at teknolohiya tungkol sa organikong pagsasaka.

Sa nasabing aktibidad, nagpaabot ng pasasalamat at pagbati si Engr. Remelyn R. Recoter, OIC-Director IV ng ATI sa lahat ng naging katuwang ng SOA at sa mga nagsipagtapos ng programa sa pamamagitan ng isang pre-recorded na mensahe.

“Kayo ang magiging katuwang ng ATI sa pagpapalaganap ng kaalaman at teknolohiya sa pagsasaka para maisakatuparan natin ang ating layunin na magkaroon ng sapat na pagkain ang ating bansa,” sabi niya.

Kabilang sa nagbigay ng mensahe ay ang ATI MIMAROPA sa pangunguna ni OIC-Assistant Center Director Norberto C. Maur. Binigyang diin niya ang kahalagahan ng organikong pagsasaka para masolusyonan ang kinakaharap na problema tungkol sa kakulangan ng pagkain sa buong bansa.



“Inaasahan ko ang inyong tuloy-tuloy na paggamit ng inyong natutunan sa ating programa lalo na sa ating mga katuwang na munisipyo upang mas marami tayong mga kliyente na matulungan”, dagdag pa niya.

Dumalo din sa nasabing aktibidad sina TESDA Provincial Director Rosalina P. Reyes, Provincial Agriculture Office-Occidental Mindoro Senior Agriculturist Luzviminda A. Yadao, at Rizal Municipal Agriculturist Jehu Michael Q. Barrientos.

“Ako ay nagpapasalamat sa ATI dahil naging partner namin kayo sa programang ito. Ang TESDA ay handang tumulong sa inyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman at teknolohiya sa organikong pagsasaka. Bilang mga natatanging estudyante, kayo ang magiging prayoridad namin para sa libreng NC II Assessment on Organic Agriculture Production,” sabi ni Dir. Reyes.



Ang lahat ng 10 natatanging estudyante ng bawat munisipyo na kalahok sa programa ay binigyan ng parangal sa araw ng pagtatapos. Sila ay nakatanggap ng sertipiko, medalya at mga gamit pansaka tulad ng pala, kalaykay, punlaan, pandilig, molasses at mga binhi ng gulay.



Bukod dito, sila ay ginantimpalaan din ng isang Farm Expository Tour sa mga matagumpay na Learning Site for Agriculture (LSA) na nagsasagawa ng organikong pagsasaka sa Oriental Mindoro noong ika-11 hanggang ika-12 ng Oktubre, 2022. Sa dalawang araw ng nasabing aktibidad, binisita ng mga kalahok ang Gabutero Organic Farm (GOF) sa Bongabong at DJMV Farm sa Naujan.

Layunin nito na mabigyan ang mga natatanging estudyante ng SOA-OA ng kinakailangang kaalaman at mahasa ang kanilang kasanayan tungkol sa

organikong pagsasaka. Gayundin, layon nito na makita nila mismo ang mga tamang pamamaraan at teknolohiya na isinasagawa ng mga LSA organic farms.

Sa pangunguna ng LSA Cooperator at may-ari ng GOF na si G. Nelson B. Gabutero, nagkaroon ng pagtalakay sa mga paksa tungkol sa vermiculture at vermicomposting. Nagkaroon din ng aktwal na paggawa ng organikong pataba at pestisidyo. Pagkatapos ng lecture at aktwal na demonstrasyon, inilibot ni G. Gabutero ang mga kalahok sa kanyang farm.

Nabigyan din sila ng pagkakataon upang matuto sa DJMV Farm na pinangangasiwaan ng may-ari at LSA cooperador na si G. Marvien Albufera. Sa kanyang briefing, ibinahagi niya kung paano nagsimula ang DJMV at ipinakilala niya sa mga kalahok ang mga produkto na mabibili dito tulad ng black rice, red rice, at letsugas.

Ang SOA-OA na napakinggan sa 101.7 FM Radyo Natin San Jose tuwing araw ng Lunes at Miyerkules, alas dose hanggang ala una ng hapon, na nagsimula noong ika-18 ng Hulyo at nagtapos noong ika-25 ng Setyembre 2022. Ito ay may kabuuang 520 na estudyante na nagsipagtapos.



LAMANG ANG MAY ALAM!

MAGSASAKA SUMASABAY SA MAKABAGONG TEKNOLOHIYA

ni: *Cholie Ann C. Mirhan*



Sa maraming kanayunan, umaasa ang mga residente sa pagsasaka bilang kanilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan. Ngunit tila ang kawalan ng interes sa agrikultura ng mga kabataan ang isa sa nagiging hamon sa ngayon.

Kaya bilang tugon sa mga hamong ito, ang Kagawaran ng Pagsasaka sa pamamagitan ng Agricultural Training Institute katuwang ang Smart Communications, Inc. ay lumikha ng serye ng programa na Digital Farmers Program (DFP) na naglalayong palawakin ang kaalaman ng mga magsasaka sa makabagong teknolohiya at gamitin ang mga teknolohiyang ito sa pagpapaunlad ng agrikultura.

Ang DFP ay isang serye ng programa na nakatuon sa pagbibigay-kaalaman sa mga magsasaka sa pamamagitan ng mga pangunahing digital tools gaya ng

paggamit ng smartphone, social media, mga aplikasyon sa agrikultura at mas kumplikadong mga serbisyo tulad ng e-commerce. Ang mga kabataan o anak ng mga magsasaka ang siyang nagiging gabay ng magsasaka sa pagpapalago ng kanilang kaalaman sa makabagong teknolohiya.

Ngayong 2022, nakapagsagawa ang ATI MIMAROPA ng walong (8) pagsasanay na may kabuuang 190 bilang na kalahok na kinabibilagan ng mga kabataan at magsasaka.

Ayon sa mga naging impression ng mga kalahok lalo na ng mga magsasaka, ang DFP ay napakalaking katulungan sa kanila lalo na sa produksyon at pagma-market ng kanilang mga produkto. Ang mga kaalamang ito ay magsisilbi nilang bala sa makabagong panahon ng pagsasaka.

ATI-MIMAROPA IBINIDA ANG DIGITAL INNOVATION SA ISINAGAWANG TGP SUMMIT

ni: Erlan D. Pasana



Bilang pagkilala sa mahalagang ginagampanang responsibilidad ng Farmers Information and Technology Services (FITS) Center, Magsasaka Siyentista (MS), at Partner Agency (PA) upang mas mapalakas pa ang pagpapalaganap ng digital technology sa sektor ng agrikultura, ang ATI MIMAROPA ay nagsagawa ng Techno Gabay Program (TGP) Summit na may temang “Strengthening the Agricultural Extension through Digital Innovation” noong ika-3 hanggang ika-7 ng Oktubre sa Ala Amid Bed and Breakfast, San Manuel, Puerto Princesa City, Palawan.

Sa pagbubukas ng gawain sa TGP Summit, nagbigay ng mensahe si G. Norberto C. Maur, OIC-Assistant Center Director ng ATI MIMAROPA tungkol sa kahalagahan ng tungkulin ng FITS Center, MS at PA sa promosyon ng digital technology.



Sinundan ito ng pagtalakay sa mga paksa tungkol sa e-Commerce, digital marketing, social media marketing at Facebook na pinangunahan ni Zacchaeus Mitchell Acosta Gimena, Co-Founder at Chairman ng Farm Konek. Ang mga kalahok ay natuto din sa features at gamit ng Farm Konek Apps na itinuro ni Mr. Mark Floyd Fernandez, Agriculturist ng nasabing kompanya.

Nagkaroon din ng breakout sessions tungkol sa iba’t-ibang topics tulad ng Canva Application, Rice-related Agriculture Applications, at e-Learning. Bukod sa lektura, ipinakita din sa pamamagitan ng aktwal na demonstrasyon ang gamit ng mga nasabing digital applications.



Isa rin sa mga naging aktibidad ay ang eleksyon ng MS officers sa rehiyon. Kabilang sa mga nahirang na mga opisyaes ng lupon ng MS sa rehiyon ay ang mga sumusunod:

President – Eduardo G. Jopson, Jr.;
Vice President – Alejandro G. Solis, Jr.;
Secretary – Jodelyn Reyes;
Assistant Secretary – Josephine Estares;
Treasurer – Herasmo M. Abalong;
Auditor – Ramiro Evangelista
PRO – Randy V. Balderas (Mindoro at Marinduque);
PRO - Claro A. Madrilejos (Romblon); at
Jessie P. Sabanal (Palawan).

Sa ikalawang araw naman ng TGP Summit, tinalakay ni G. Wilfredo B. Collado, Chief Science Research Specialist of the PhilRice - Los Baños and Mindoro Satellite Station ang Balanced Fertilization Strategy. Sa kanyang lektura, binigyang diin niya ang paggamit ng pinagsamang organiko at inorganikong inputs (kombonado 1-4) para makamit ang balanced fertilization sa sakahan.

Samantala, sa isang birtwal na briefing ay ipinaliwanag naman ni Cristina G. Magnaye, Chief ng ATI MIMAROPA Career Development and Management Services sa mga kalahok ang ibat-ibang programa at interbensiyon ng ATI sa ilalim ng Coconut Farmers and Industry Development Plan.



Ang ikatlong araw naman ay inilaan sa team building activities kung saan natuwa ang mga kalahok sa mga inihandang palaro ng Training Management Team. Ang collaborative learning experience ay isinagawa upang patibayin ang pagkakaibigan ng bawat FITS Center staff at palakasin ang kanilang serbisyo sa pagbibigay ng dekalidad na extension services sa kanilang lokalidad.



Naging highlight din ng TGP Summit ay ang pagbibigay ng parangal sa mga natatanging FITS Centers at MSs na nagpamalas ng kahusayan at gumawa ng mga inobasyon sa pag-implemanta ng TGP sa rehiyon.

Para sa kanilang huling gawain, lahat ng FITS Centers at MSs ay nagpasa din ng kanilang FY 2023 physical at financial targets. Ang mga targets na ito ang magiging basehan sa pagpili ng mga mananalo sa TGP Achievers Awards sa taong 2023.

Ang TGP Summit ay dinaluhan ng 46 FITS staff, MS, at PA sa MIMAROPA Region.

TGP

ACHIEVERS' AWARD 2022

TECHNO GABAY PROGRAM SUMMIT

PANGUNAHING PARANGAL



MINOR AWARD



PAGKILALA



SENSING *Journey*

4-H, 4 US, 4 ME, 4 ALL

Hango sa karanasan ni G. Escolastico
Nina Cyrus Jay V. Escolastico at Jezell dT. dela Cruz

“
Bagama't isa't kalahating araw lamang ang aming naging karanasan sa immersion, subalit masasabi kong ang mga naging karanasan at reyalisasyon ko dito ay hindi matatawaran.

”
Cyrus Jay V. Escolastico
Project Development Assistant I
ATI-MIMAROPA





Isa ako sa mga nakasama sa Sensing Journey to IP Community: Rising 4-H Club, Helping Mangyan Tribe na isinagawa ng ATI MIMAROPA para sa mga 4H Officers and Members ng 4H Federation ng Oriental Mindoro noong Hulyo 5 – 7, 2022 na ginanap sa Mansalay, Oriental Mindoro. Sa totoo lang, hindi naman talaga ako kabahagi sa gawaing ito subalit dahil sa kinakailangan ng ktuwang ni Kuya Mike sa pagdodokumento ng aktibidad ay naatasan ako na sumama sa kanila.

Ang Sensing Journey ay naglalayong mapataas ang antas ng kamalayan at mapaunlad ng kasanayan ng mga 4H Club Federation Officers sa pamamahala ng komunidad mula sa kondisyon ng pamumuhay, mga kultura at paniniwala, hanggang sa mga pinagkukunan at pangangailangan ng mga kapatid nating katutubo.

Sa pagpunta namin sa Mansalay, naisip ko na normal na lamang ito tulad ng mga nakagawian naming pagsasanay. Pagdating namin sa Footprint in the Sand Beach Resort sa Mansalay, nagdaos muna ang ATI MIMAROPA ng dalawang araw na pagsasanay sa 20 kalahok na 4H'ers bilang paghahanda sa aktwal na pagbisita at pananatili sa komunidad ng mga Mangyan.

Bilang karagdagan, tinuruan niya ang mga kalahok kung paano magsulat at magbasa ng kanilang alpabeto.

Si G. Cyrus A. Aynungan, isang guro sa Mangyan Education Center at miyembro ng Hanunuo, isang tribo ng Mangyan ang naging tagapagsalita at nagbahagi ng kanyang kaalaman tungkol sa kultura at tradisyon ng iba't ibang tribo ng Mangyan. Ibinahagi din niya ang mga natatanging katangian ng labintatlong tribo ng Mangyan sa Oriental Mindoro. Kaugnay nito, itinuwid niya ang maling impormasyon at interpretasyon sa mga kilos at kinagawian ng mga ito. Ipinahayag din ni G. Aynungan ang kanilang pagiging sensitibo mula sa mga insulto at mga nakakasakit na ekspresyon na kanilang natatanggap dahil lamang sa kanilang kultura at hitsura. Sa pagbabahagi ng kanyang sariling karanasan bilang isang Mangyan na sa kabila ng kanyang pamumuhay ay nagawa niyang magtagumpay at naging isang magaling na guro ay nagbigay ito sa mga 4H'ers ng inspirasyon, higit na pang-unawa, pagpapahalaga at respeto sa kultura't paniniwala, at determinasyon ng mga Mangyan.

Tinuruan din ni G. Monchito H. Jalac, farm supervisor ng ATI MIMAROPA Organic Agriculture Assessment Center ang mga 4H'ers ng mga teknolohiyang pang-agrikultura tulad ng pagmamanukan sa organikong



pamamaraan at urban agriculture na makakatulong sa komunidad upang matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan lalo na sa pagkain.



Nang matapos ang dalawang araw na pagsasanay, handa na ang lahat para sa gaganaping imersyon. Magkahalong kaba, pananabik at konting takot ang aking naramdaman sapagkat ito pa lang ang aking unang beses na matutulog sa lugar ng mga katutubo. Pagdating ng ika-9 ng umaga, dala ang mga gamit sa

pagsasanay at pagdodokumento, pagkain at personal na kagamitan ay nilakad, nilusong at inahon namin sa loob ng isang oras ang maputik at matarik na bulubundukin papunta sa Sitio Tungkulang, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Pagod man ay nasa mukha pa rin ng mga kasamahan ang saya at kanyawan tuwing may nadudulas at nababalaho sa daan. Nang makarating kami sa komunidad ng mga Mangyan, ang pagal na katawan ay naibsan nang makita namin ang mainit na pagsalubong sa amin ng Tribo ng Hanunuo. Sabi pa nila, halos wala din namang nakakapunta sa kanila at walang nakakarating na ayuda kaya sa bawat taong pumupunta sa kanila ay labis ang katuwaan na kanilang nadarama.





Napansin ko agad sa kanilang komunidad ang kasimplehan ng mga buhay. Ang mga matatandang lalaki ay abala sa kanya-kanyang pangkabuhayan tulad ng paglulukad ng kaong, pagbababa ng mga kalakal gaya ng saging, balinghoy at iba pa; habang ang mga gawaing bahay at paghahabi naman ng mga bags ang karaniwang ginagawa ng mga kababaihan. Samantala, ang mga bata naman ay sama-sama at masayang naglalaro na wari ba ga'y walang hirap sa buhay.



Nagpahinga lang kami sandali at nag-ayos ng gamit bago namin sinimulan ang pagpapakain sa mga Mangyan. Matapos nito, sumama din ako sa pag-iigib ng tubig kasama ang mga batang Mangyan. Anila, malapit lang ang igiban subalit ang malapit pala sa kanila ay umabot ng halos kalahating oras na paglalakad bago namin naging ang bukal na pinagkukunan nila ng malinis na tubig.



Nang sumapit ang gabi, binusog naman kami ng istorya ng mga katutubo at kanilang pinagmamalaking tradisyon at kultura na patuloy nilang nililintang. Isa na dito ang pagtugtog ng gitgit, isang instrumentong kahalintulad ng byulin. Habang tinutugtog ito ay ramdam ko ang bawat tunog nito na sinasamahan pa ng huni ng panggabing kulisap.



Kinabukasan, alas singko pa lamang ng umaga ay gumising na kami at nag-igib muli para sa pagluluto at iba pang aktibidades. Naghanda na rin kami para sa pagsasanay sa mga katutubo. Sa pangunguna ni G. Jalac kasama ang mga 4H'ers ay ipinakita nila sa komunidad ang paghahanda ng iba't-ibang uri ng concoctions para sa mga halaman at hayop katulad ng Fermented Fruit Juice (FFJ), Fermented Plant Juice (FPJ), at Oriental Herbal Nutrient (OHN). Gumawa din sila ng community garden ng gulay at namumungang kahoy. May ngiti sa mga labing tinanggap din ng mga kabataang Mangyan ang mga kagamitan katulad ng ginawang concoctions, mga butong pananim, at pataba sa lupa upang magamit sa pagpapanatili ng gulayan.



Isang tree planting activity ng namumungang kahoy tulad ng lansones, rambutan, mangga, guyabano, kalamani at sinturis din ang isinagawa sa kanilang komunidad bilang tugon sa kanilang kahilingan.

Sa labbaying ito, maikli man ang naging karanasan namin sa imersyon, subalit malaki naman ang naging bahagi nito sa akin. Ramdam ko din na nasiyahan sila sa pagdating namin at sa mga itinuro namin sa kanila, pero sa aking puso ay ibayong tuwa at kagalakan ang aking nadama dahil mas tinuruan nila ako na lalo pang pahalagahan at maging masaya sa buhay.

Buong akala ko na ang Sensing Journey ay para lamang sa mga 4H pero napagtanto ko na ito ay 4 me, 4 us at 4 all din.

YFFTPJ PIONEER: TULAY NG KABATAANG MAGSASAKA

ni: Jezell dT. dela Cruz



“
*Naniniwala akong
ang agrikultura
ang kailangang
linangin ng mga
kabataan sapagkat
ito ang may
pinakamalaking
potensyal
sa ating bayan.*
”

DOMINGO M. DELA CRUZ
COOPERATOR, DMDC FARM

Kung ano ang natutunan mo kahapon ay kailangang maibahagi mo ngayon. Ito ang paniniwala ni Domingo M. dela Cruz, cooperador ng DMDC Farm na matatagpuan sa Brgy. Poras, Boac, Marinduque.

Si G. Domingo o Ka Domeng sa marami ay isa sa mga unang batches ng Young Filipino Farmers Training Program in Japan (YFFTPJ) ng ATI noong taong 1987. Aniya, bata pa lamang sila ay banat na ang kanilang buto sa pagsasaka dahil ito ang ikinabubuhay nila at nagpaaral sa kanilang magkakapatid.

“Noong araw, palibhasa ang aming kinabubuhay ay pagsasaka, kaming lahat na magkakapatid ay ito na din ang kinagisnang gawain. Bata pa lamang kami ay marunong na kaming magsaka,” sabi ni Ka Domeng.

Bilang kabataan na sabik matuto at makibahagi, naging aktibo si Ka Domeng sa pagsali sa mga organisasyon, partikular sa 4H Club ng Marinduque kung saan hinihikayat ang mga kabataan na mag-engage sa pagsasaka at matuto ng mga makabagong teknolohiya at estratehiya sa agrikultura.

Sabi niya, halos lahat ng mga oportunidad at pagkakataon na kumatok sa kanyang pintuan ay kanyang sinunggaban upang mas lumawak pa ang kanyang kaalaman at kakayahan. Ito ang naging sandata niya upang hirangin siya bilang Outstanding Youth sa kanilang probinsya at sa buong rehiyon ng MIMAROPA. Dahil dito, napasama siya sa mga kabataan na nag-kwalipika sa ikatlong batch ng YFFTPJ.

Ang YFFTPJ ay isa sa mga programa ng Kagawaran ng Pagsasaka sa pamamagitan ng ATI kung saan pinapadala ang mga natatanging kabataan sa Japan upang magsanay ng mga makabagong teknolohiya at pag-aralan ang kanilang kultura sa pagsasaka sa loob ng 11 na buwan.

KARANASAN SA JAPAN

Noong 1989, kasama ang ilang kabataan mula sa iba't-ibang rehiyon sa Pilipinas ay nagsanay sila sa bansang Japan kung saan mayroon silang naging host farmer na siyang nagturo sa kanila ng mga kaalaman, teknolohiya at kultura ng mga Hapon pagdating sa pagsasaka.

“Sa pagpunta ko sa Japan, nakita ko ang kaibahan ng pagsasaka dito sa atin at sa kanila. Mula sa mga teknolohiya at mekanisasyon, ang isa talaga sa mga napakahalaga sa kanila ay ang kahalagahan ng oras,” kwento niya.

Aniya, doon niya napagtanto na ang oras ay ginto. Wala maaraw o maulan na panahon sa pagtatrabaho. Ang oras ay oras. Hindi maaaring sumala sa naipalang iskedyul.

Sabi pa nya, isa sa “the best” na nakuha niyang teknolohiya na natutunan niya ay ang nursery management. Kasama ang pagpili ng punlaan sa potty medium na organic na pataba ang gamit.

“Every plants, iba-iba ang kulay ng pots. At sa pagpili ng itanim sa kamang taniman, marami silang isinasalang-alang tulad ng edad, laki at root formation para maganda ang magiging kalabasan ng halaman,” pagbabahagi niya.

LIDER NA KABATAAN

Sa pag-uwi niya ng Pilipinas, kwento niya na hindi muna niya nagamit ng lubusan ang mga natutunan niya sa sariling farm sapagkat inuna niya ang pagtulong at pagpapalago sa mga organisasyon. Isa sa mga organisasyon kung saan siya ay naging pangulo nang tatlong termino ay ang Japan Agricultural Exchange Council Association of the Philippines (JAECAP).

“Ang JAECAP ay kaagapay at katulong ng gobyerno sa pagpapalaganap ng programa at proyekto sa agrikultura lalo na para sa kabataan. Kami rin ay umuupo sa mga meeting at consultation workshop ng iba't-ibang ahensya at sector sa national level,” sabi niya.

Katuwang ang organisasyon, pinalaganap nila ang iba't-ibang teknolohiyang kanilang natutunan sa Japan. Kwento niya, ayon sa kontrata na kanilang pinirmahan, kailangan nilang ibahagi o i-transfer ang mga natutunan nila sa Japan sa loob ng limang taon. Maliban sa mga organisasyong pangkabataan ay naging bahagi din siya ng iba't-ibang ahensya ng gobyerno, civic society at non-government organization na nagpapalaganap ng agrikultura sa bansa.

MAGSASAKANG TUNAY

Makalipas ang mahabang panahon na pagtulong sa pagpapalago at pagpapalaganap ng agrikultura sa bansa, napayuhan siya ng mga dating kasamahan sa Kagawaran ng Pagsasaka at ATI na gamitin ang kanyang mga kaalaman at karanasan mula Japan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling farm kung saan maiipakita niya ang iba't-ibang teknolohiyang kanyang natutunan.

Katuwang ang kanyang asawa at mga anak ay nilinang niya ang 8,000 metro kwadrado (8,000 sqm) na lupang kanilang nabili at itinayo niya ang DMDC Farm sa Brgy. Poras, Boac, Marinduque. Gamit ang mga teknolohiya at kaalaman sa pagsasaka, pinagyabong niya ang kanilang farm.



“Kung ano ang pagpapahalaga na nakita ko sa oras ng mga Hapon, ganoon din ang ginawa ko sa sarili kong farm. Madaling araw pa lamang ay sinisimulan ko na ang trabaho sa bukid. Wala akong sinasayang na oras, kahit tanghali, hapon, tuloy lang ako sa pagtatrabaho,” wika niya.

Pagbabahagi din niya na lahat ng trabaho ay pinag-aaralan niya upang mas makatipid siya sa labor. Nandiyang pinag-aralan niya ang pagli-layout, welding, karpentero, tubero at iba pa.

Dahil nakita ng pamilya niya ang kanyang pagpupursige sa pagpapaunlad ng farm ay maagang nagretiro ang kanyang asawa sa pagtuturo upang tulungan siya sa kanyang adhikain. Nakipag-ugnayan din siya sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno para sa mga assistance.

“Marami akong nilapitan na mga ahensya – andyan ang Provincial Agriculture Office, ang Department of Agriculture gayundin ang ATI na malaki ang naitulong sa pagpapaunlad ng aking farm,” kwento ni Ka Domeng.

Isa ang farm ni Ka Domeng sa mga nabigyan ng financial assistance ng ATI MIMAROPA na nagkakahalaga ng PhP150,000.00 at nasertipikahan na maging School for Practical Agriculture (SPA) kung saan ito ay magsisilbing “training center in the field” at katuwang ng ATI sa pagpapalaganap ng agrikultura at magbabahagi ng mga teknolohiya sa mga kapwa magsasaka, kabataan at iba pang mga kliyente.

Sa pagkakaroon ng training facilities sa pagsasanay, naging kanlungan ang DMDC Farm ng mga kabataan na gustong matuto at magkaroon ng karanasan sa pagsasaka.

TULAY NG KABATAAN SA PAGSASAKA

Bilang isang SPA, binuksan ni Ka Domeng ang kanyang farm nang libre sa mga nagnanais matuto ng kaalaman partikular sa organikong agrikultura.

“Minsan ay may estudyante dito na nag-o-OJT. May mga kabataan na pinapadala din ang ATI at iba pang ahensya bilang intern para sa mga programang pangkabataan. Sila naman ay malugod kong tinatanggap dahil tulad ko noong kabataan ko ay uhaw din ako na matuto at makapagsimula sa pagsasaka.”

Aniya lahat ng nalalaman niya sa pagsasaka ay buong puso niyang itinuturo sa mga nag-aaral at mga bumibisita sa kanyang farm.

“Mas maganda kasi na mas maraming kabataan ang matuto sa pagsasaka sapagkat sila ang susunod na magpapakain sa sambayanang Pilipino,” saad niya.

Ang kanyang adhikaing maitaas ang antas ng pagsasaka sa kanilang lugar ay tuluyang niyakap ni Ka Domeng nang i-convert nya ang kanyang farm sa organikong pamamaraan. Sa katunayan, DMDC Farm ang kauna-unahang certified organic farm sa Marinduque ng Organic Certification Center of the Philippines (OCCP), isang pribadong organisasyon na nagesertipika na ang isang produkto ay organiko.



Sa ngayon, maliban sa iba't-ibang halaman tulad ng gulay, herbal at halamang namumulaklak, mayroon din siyang mga alagang hayop tulad ng baka, kambing, tupa, baboy at iba't-ibang klase ng manok. Nagtayo din siya ng training halls at dormitoryo.

“Yung journey namin dito sa aming maliit na bukid ay malayo-layo na rin. Ang nakakatuwa lang talaga ay naging isang farm family na rin siya dahil kahit ang dalawa kong anak na engineer ay katulong ko sa pagpapaulad nitong aming farm.”

Kwento pa ni Ka Domeng, siya ang nakatoka sa operasyon at gawain sa farm, habang ang kanyang asawa ay sa mga dokumento na kinakailangang gawin at ang kanilang mga anak ay sa marketing, promotion at social media management.

Regular na rin siyang tumatanggap ng mga kabataan na gustong matuto sa organikong agrikultura at iba pang kasanayan sa tulong na din ng Technical Education and Skills Development Authority dahil isa rin ang DMDC Farm na certified Farm School nito.

Para sa kanya, ang kasipagan, pagpapahalaga sa oras, tiyaga at pagsusumikap ang ilan sa mga sangkap para magtagumpay – mga kaugaliang kanyang pinagyaman din mula sa kanyang karanasan sa Japan at sa sariling farm.

Bilang adbokasiya niya ang pagtulong sa mga kabataan na ma-appreciate ang agrikultura, patuloy na magiging bukas ang puso ni Ka Domeng at pinto ng DMDC Farm sa mga nagnanais matuto ng pagsasaka.

“Naniniwala akong ang agrikultura ang kailangang linangin ng mga kabataan sapagkat ito ang may pinakamalaking potensyal sa ating bayan.”



DAGDAG SUPORTA SA MAGNINIYOG, CFIDP ANG SAGOT!

ni: Engr. Karen A. Tulay-Vicente



Mahigit 350 magsasaka ng niyog ang nabigyan ng kaalaman tungkol sa programang hatid ng Coconut Farmers and Industry Development Plan. Ang nasabing programa ay alinsunod sa Batas Republika Bilang 11524 o mas kilala bilang Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act. Layunin ng batas na ito na mabigyan ng suporta ang mga lokal na magsasaka ng niyog sa ating bansa. Pinangunahan ng ATI MIMAROPA ang pagsasagawa ng limang (5) batches ng Information Caravan sa mga probinsya ng Oriental Mindoro, Occidental Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan.

Isinagawa ang mga gawaing ito upang ipaliwanag ang batas at programang kalakip nito. Gayundin, upang ipakilala ang mga ahensya na makakatulong sa mga magniniyog upang mas mapaunlad ang kanilang pagsasaka. Kasama sa dumalo sa nasabing caravan ang mga ahensya na katuwang sa pagsasagawa ng programa kabilang ang Philippine Coconut Authority (PCA), Agricultural Training Institute (ATI), Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Philippine Center for Postharvest Development and

Mechanization (PhilMECH), DA-High Value Crops Development Program, Cooperative Development Authority (CDA), National Dairy Authority (NDA), Bureau of Animal Industry (BAI) at Landbank.

Makailang ulit din na binigyang-diin ni G. Bibiano Concibido Jr., Regional Manager III ng PCA Region IV ang kahalagahan ng pagpaparehistro sa opisyal na talaan ng magniniyog sa bansa.

“Napakahalaga na magkaroon ng pagkakakilanlan ang ating mga magsasaka ng niyog nang sa gayon ay makatanggap sila ng suporta mula sa Coco Levy Fund. Matagal ang naging pakikipaglaban natin upang mabawi ang pondong ito at maibalik sa ating mga magniniyog. Kaya hinihikayat natin ang lahat ng magsasaka ng niyog na magparehistro sa National Coconut Farmers Registry System (NCFRS) sapagkat nakalagay sa batas na tanging rehistradong magniniyog at trabahador lamang ang makakakuha at makakatanggap ng benepisyo mula sa programang ito”.

Ang programang ito ay iikot sa walong (8) tematikong rekomendasyon tungo sa maunlad na industriya ng niyog. Kabilang dito ang (1) Social Protection; (2) Coconut Farmers Organization and Development; (3) Hybridization; (4) Community-based Farm

Enterprise Development; (5) Integrated Coconut Processing and Downstream Products; (6) Support Services; (7) Innovative Research Projects; at (8) Monitoring and Evaluation.

Siniguro naman ng lokal na pamahalaan sa pamamagitan ni G. Edilberto de Luna, Provincial Agriculturist ng Marinduque, ang kanilang buong suporta pagdating sa pagpapatupad ng programang ito.

“Ngayon ay mas maliwanag na kung saan at paano tayo makikinabang sa programang ito at paano ito makakatulong sa ating mga magniniyog. Dahil sa intervention at suporta mula sa pre-production, production at post-production, at maging sa mga pagsasanay, siguradong ang programang ito ay magbibigay ng malaking pagbabago sa buhay ng mga magniniyog. Kaya naman sana ay suportahan at i-grab natin ang pagkakataong ito” saad pa ni PA de Luna.

Lahat ng programang ito ay naglalayon na maitatag ang masagana, matatag, at progresibong industriya ng niyog sa bansa.



PAGSASANAY SA PAMAMAHALA NG FALL ARMY WORM, ISINAGAWA

ni: Roseanne D. Nilo



Magumpay na naisakatuparan ng Agricultural Training Institute- Regional Training Center MIMAROPA ang Training of Trainer: Management of Fall Army Worm (FAW) sa Alcantara Romblon noong ika-19 hanggang ika-21 ng Abril taong 2022. Ito ay pangunguna ni G. Joel Ryan Pagdato, Project Officer/Development Management Officer I at siyang itinalagang Corn Focal Person ng ATI MiMaRoPa. Ang naturang

pagsasanay ay dinaluhan ng mga tagapangasiwa ng mais sa kani-kanilang munisipalidad. May kabuuang dalawampu't limang mga Agricultural Extension Workers ang dumalo sa nasabing pagsasanay na ang layunin ay madagdagan ang kaalaman ng mga kalahok sa pagsugpo ng mapinsalang peste ng mais.

Ang pagsasanay ay pina-accredit din sa Professional Regulation Commission na may sampung (10) Continuing Professional Development (CPD) Units na kailangan ng mga lisensiyadong Agrikulturista upang mai-renew ang kanilang mga lisensya. Ang nasabing pagsasanay ay binubuo ng talakayan at field activity. Inanyayahan ng ATI-RTC MIMAROPA si Ginoong Arman Solo Mercene, Agriculturist I mula sa Regional Crop Protection Center (RCPC)-MIMAROPA

na maging tagapagsalita sa pagsasanay upang direktang matalos ng mga AEW ang mga makabagong teknolohiya at kaalaman na kailangan nilang malaman upang mapuksa ang mapinsalang peste sa mais.

Ang mga kalahok ay dinala sa taniman ng mais na may pinsala na ng FAW upang personal nilang makita ang mga senyales na ang isang mais ay may pinsala na ng FAW. Naging masaya ang palitan ng ideya at kaalaman sa pagitan ni G. Solo at mga kalahok. Kaagad nabigyan ni Ginoong Solo ng teknolohiya ang mga ito sa mga sakit ng mais. Gayundin, naliwanagan ang bawat isa sa layunin ng RCPC.

Sa kabuoan ng pagsasanay, binigyang diin ng tagapagsalita ang katagang "prevention is better than cure". Ika nga, take action before it is too late!

FEED FORMULATION, NAPAPANAHONG PAGSASANAY

ni: Engr. Cheri Dawn F. Falogme

Napapanahon ang training na ito dahil patuloy na tumataas ang presyo ng commercial feeds at halos di makasabay ang nag-aalaga ng mga baboy at mas kumikita pa ang mga nagtitinda ng feeds kaysa sa mga nag-aalaga ng baboy dito sa ating probinsiya", wika ni Dr. Josue M. Victoria, Provincial Veterinarian ng Marinduque sa kanyang pambungad na mensahe sa Training on Feed Formulation Using Local Materials na isinagawa sa Hotel Marinduque, Brgy. Isok bayan ng Boac, noong Agosto 16-18, 2022.

Dumalo rin sa unang araw ng programa ang Provincial Administrator na si Ginoong Mike Vincent Velasco at nagbigay ng mensahe sa ngalan ni Gov. Presbitero J. Velasco, Jr. Ipinabatid niya ang malaking pasasalamat ng probinisiya dahil sa mga nagdaang mga buwan at sa maiikling pagitan, ang tanggapan ng ATI ay nagsagawa ng iba't ibang pagsasanay at mga programa na tiyak na magiging kapaki-pakinabang para sa maliliit na mga magsasaka, mag-aalaga ng mga hayop at iba pang mga manggagawa sa bukid sa buong probinsiya.

Ang tatlong araw na pagsasanay ay dinaluhan ng 18 indibidwal na binubuo ng

Livestock Technicians mula sa iba't ibang munisipyo ng probinsya at mga tauhan ng Provincial Veterinary Office. Ang gawaing ito ay naglalayong madagdagan ang kaalaman at malinang ang kasanayan ng mga kalahok sa basic feed formulation gamit ang mga lokal na materyales.

Si Dr. Nemesio H. Davalos ng Mindoro State University at Ginoong Monchito L. Jalac ng ATI MIMAROPA ang mga naging tagapagsalita sa pagsasanay at nagbahagi ng kaalaman at praktikal na pamamaraan sa paggawa ng pakain para sa mga hayop.



Ang mga lectures ay hinati sa apat na bahagi na kinapapalooban ng mga paksa sa Animal Nutrition, Forage and Pasture, Organic Concoctions and Extracts,

Natural Feed Mix and Storage at Ruminant Feed Supplements. Nagkaroon din ng actual na pagsasagawa ng feed formulation, organic concoctions, Urea Molasses Mineral Block (UMMB), salt lick at iba pa upang mas lumawig ang kaalaman ng mga kalahok sa mga paksa ng tinalakay.



Lubos namang pinahalagahan ng mga dumalo ang naturang pagsasanay dahil malaki ang maitutulong nito sa kanila lalo na sa pagbabahagi ng kaalaman sa alternative feed mixes na mura lamang. Tinuring nila itong isang malaking katulungan para sa mga maghahayop upang masolusyunan ang mga hamon na dulot ng patuloy na pagtaas ng presyo ng commercial feeds.



ATI-MIMAROPA
CORN PROGRAM
3RD PLACE

Overall Performance of Physical
and Financial Accomplishment
FY 2022 ATI COMMODITY BANNER
PROGRAMS AWARDING CEREMONY



ATI-MIMAROPA
INFORMATION SERVICES SECTION
• AGRITALK PROGRAM IMPLEMENTATION
• SOCIAL MEDIA PRESENCE
I.S. ACHIEVERS AWARDS 2022
Knowledge Management Updates
"Communication is Key"

68th NATIONAL FARM
YOUTH SUMMIT
**4-H
LEVEL UP**



Leading Excellence in Agriculture through
Viable Innovations, Empowering Leaders,
and Unleashing 4-H Potentials

**4-H CLUB MIMAROPA REGIONAL FEDERATION
OVERALL CHAMPION**



1ST PLACE

4-H National Excellent
Achievers Award,
Heart Category
(Equality & Inclusivity)



2ND PLACE

4-H National Excellent
Achievers Award,
Health Category
(Physical Activity
& Nutrition)



2ND PLACE

4-H
Agri-Innovation
Pitching



**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
REGIONAL TRAINING CENTER - MIMAROPA**

#ATIMIMAROPA #iShareKnowledge #ATiInspire



@atimimaropa

CONTACT US

Barcenaga, Naujan,
Oriental Mindoro

www.ati2.da.gov.ph/ati-4b/

dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph

(02) 359-1967